

our Parish is not about power, not our possession

Napakaganda po na ang taong ito 2017 ay itinalaga ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines bilang Taon ng Parokya. Sadyang tugma at isang pagpapala na sa taong ito, tayo ay magkakaroon ng "*general reshuffle of parish assignments*." Isa rin pong biyaya na ang layunin ng Diyosesis ng Balanga ay ang paghahasik at pagpapatupad ng Krisma, o ang Kristiyanong Magkakapitbahay. At inyong nasasaksihang o kaya inyong hinihintay ang pagdating o ang *pilgrimage ng Icon* ni Maria, bilang Ina ng Krisma.

Ngayon pagkatapos ng anim na taon, noong 2011 at sa susunod na anim na taon ng 2017, iba na at bago na ang inyong mga kura paroko.

Ito po ay hindi imbento ng Obispo, bagkus isang programa ng Diyosesis na ang lahat ng parokya ay mapupuntahan, lahat ay mapaglilingkuran ng inyong mga pari. At sila na pari ng Bataan ay inyong lahat na makikilala, makakasama at silang lahat ay inyong rin maalagaan.

Ang paglilipat ng mga pari sa mga parokya ayon din sa layunin ng ating Panginoong Diyos na nag-utos "*humayo kayo at gawing mga alagad ang lahat ng bansa*" (Mateo 28,19). Sa pagtulad sa halimbawa ng Panginoong Jesus, Siya ay naglakad, lumisan at nangaral sa iba't ibang bayan. Ang pagtawag sa atin ng Panginoong Jesus ay "*halikayo at inyong makikita*" (Juan 1,39). Ang atas sa atin ni Jesus ay "*pumunta kayo*" (Mark 16,15). Hindi sinabi ni Jesus tumigil o *stay*. At hindi rin nais ng Panginoong Jesus na tayo ay manatili o *remain*. Datapuwa't ating gawin ang Kanyang halimbawa at sinabi "*tayo na sa ibang lugar, sa maliit na karatig-nayon para makapangaral din ako roon; dahil diyan ako nga ko naparito*" (Markos 1,38).

Ang pag-alis ay ating karanasan. Ang paglisan ay ating katayuan. Dahil sa pag-aaral, sila ay aalis sa inyong bahay at maninirahan sa ibang lugar. Dahil sa trabaho, tayo ay nalilipat o madedestino sa malayo. At darating din ang takdang panahon na sila, na inyong mga anak, ay tuluyan ng lilisan upang mag-asawa. Sa ganitong mga pangyayari hindi po kayo tumututol sa inyong mga anak. Hindi kayo tatanggi. Bakit po? Sapagkat iyan talaga ang kanilang patutunguhan. Sapagkat ganyan talaga ang kanilang kahahatungan. At ganyan rin po, mga kapatid ang magaganap sa inyong mga pari.

Kung ang inyong mga pari ay sumusunod, bakit tayo pa tututol? Kung kayo po ay nagnanais na kayo ay sundin ng inyong mga anak, bakit hindi din natin tanggapin ang layunin ng Diyosesis ng Balanga na sila na inyong mga pari ay mailipat? At kung darating sa akin na ako rin ay ilipat, kahit saan o kahit ano, akin pong tatanggapin. Sapagkat iyan ang aming sinumpaang. Kami ay nararapat lamang na sumunod.

Sa diwa ng Taon ng Parokya at sa pagpapalitan ng mga kura paroko, pagnilayan po natin ang tatlong mga bagay na ito tungkol sa parokya. Ano po ito?

The parish is not our power
The parish is not our possession. It is not our personal property.
The parish is not our privilege. It is not our perks.

Una. Ang parokya ay hindi kapangyarihan. Ang madestino sa parokya ay hindi upang maging makapangyarihan. Hindi tayo ang masusunod. Hindi tayo ang mag-uutos. Ang gagawin natin ay iyong halimbawa ni Jesus, iyun na ipinangaral at isinabuhay ni Jesus. Ang ating tutuparin ay ang layunin ng Diyosesis ng Balanga. Hindi yun pansarili natin kagustuhan. At hindi rin yun kung ano pabor sa atin, hindi rin yun kung ano ang madali sa atin.

Sa parokya, ang atin programa ay iyun programa ng Diyosesis ng Balanga, hindi iyun *personal agenda*, hindi rin yun mayroon tayong pansariling plano. Ang lahat sa parokya ay umaayon sa kalooban at kautusan ni Jesus. Tayong lahat sa parokya ay tumatalima sa alinsunod sa *mission-vision* ng Diocese.

Huwag po natin gamitin ang parokya upang may makuha mula rito o tayo ang makikinabang. Nararapat lamang na ang parokya ang may makuha mula sa atin, makinabang mula sa atin at maging masagana dahil sa atin. Hindi maganda na marami tayong *gadgets* subalit kulang naman sa gamit ang ating simbahan. Hindi tama na punong puno ang ating bahay o kuwarto subalit nagkakawala naman ang kagamitan ang sakristiya o ang kumbento.

Kami po na nasa parokya bilang pari ay upang maglingkod sa tao, upang magdiwang ng mga Sakramento, at upang ipahayag ang Salita ni Jesukristo sa inyo. Kayo po bilang kasapi sa parokya ay upang sa pagbibigay ng pahanon, talino at yaman nang sa ganon ay makatulong at makapanglingkod buong sambayan ng Diyos.

Marami pong salamat dahil sa kabila ng inyong mga gawain sa bahay at sa trabaho ay naglalaan pa rin kayo ng panahon para sa mga gawain sa simbahan. Marami pong salamat sa kabila ng mga gastusin sa bahay o sa pag-aaral ng mga anak, kayo pa rin ay nagbibigay at tumutulong sa mga pangangailangan at *projects* ng Diyosesis.

Mangyari pa ang parokya ay hindi kapangyarihan, at hindi maging makapangyarihan. Hindi upang makilala at hindi maipakilala. Bagkus ang parokya at nasa sa parokya ay paglilingkod at makapaglingkod.

Sa kalagayan ng isang OFW na nagtrabaho sa disyerto ng Jeddah, sa Saudi Arabia ay kanyang ipinahayag, "*hindi ako namimili ng trabaho, kahit mabigat o malayo; mahirap o delikado basta marangal ay tinanggap ko. Basta makapagtrabaho ay gagawin ko para lamang makatulong ako sa aking mga magulang at kapatid.*"

At ganyan rin ay sinabi ng isang pari natin, "*hindi ho kayo magdadalawang salita sa akin, Bishop, kahit saan ninyo ako dalhin, ay tanggap ko na at pupuntahan. handa akong sumunod at sila ay aking paglilingkuran.*"

Ikalawa. Ang parokya ay hindi natin pansariling pag-aari. Hindi sa atin. At hindi dapat angkinin. *The parish is not our possession. It is not our piggy bank.* Ipinagkatiwala lamang ng Panginoong Diyos ang parokya sa ating pangangalaga. Tayo po ay katuwang lamang ng Diyos. Tayo po ay katulong lamang ng Diyos.

Kaya naman, pagbutihin natin ang ating paglilingkod. Ayusin na natin ang ating pananalita at pagkilos. Pagandahin natin ang ating pakikitungo sa tao at ang ating pagtrabaho.

Kung iisipin po natin ng lubusan ay nakikitira lamang tayo sa bahay ng Diyos. Bisita lamang tayo ng Inang Simbahan. Ang lahat ay sa Diyos. Ang lahat ay para sa Diyos. Kaya naman, huwag kang mag-uuwi. Ang gamit ng parokya ay hindi *take home*. Ang mga kagamitan sa simbahan ay hindi *take away*. Wala pong dagdag-bawas o palit-imahen.

Sa mga tanong ni Jesus kay Pedro kung siya ay minamahal ni Pedro, ang atas ni Jesus ay "*pakanin ang kanyang mga tupa, ipastol ang kanyang mga kordero*" (Juan 20, 15;17). Ang sinabi ni Jesus ay kanyang tupa. Samakatuwid ang lahat ay sa ating Panginoong Jesus. Hindi atin. Kaya naman hindi natin kukunin.

Ang mga pari sa parokya ay hindi rin pag-aari ng parokya o ng iisang pamilya. Hindi po sila sa atin, at hindi para sa atin. Nararapat lamang na sila hayaan natin mailipat sa ibat' ibang mga parokya. Sila rin ay para sa iba. At batid nila na sila ay nararapat din mapunta at makapanglingkod sa lahat. Huwag po natin silang solohin. Huwag po nating na sila angkinin.

Maganda po ang mga kalsada dito sa Bataan, at madali po na sila ay inyong madalaw. At sa taong nagmamahal, wala pong malayo, walang maliit, at walang mahirap gawin.

Panghuli. Ang parokya ay hindi ating pribilehiyo. Hindi rin ito ating premyo. Ang parokya ay tao. Ang parokya ay tayo. Sila ay ating pupuntahan. Hindi dahil malaki o nasa bayan ang simbahan. Hindi dahil maganda ang kumbento. Tayo bilang mga pari ay ipinadadala para sa ating mga kawan, para sa tao. At sila ang ating paglilingkuran.

Sadyang mababait at mabubuti ang mga taga Bataan. Sila ay talagang mapagmahal at mapagmalasakit. At sila pa rin ang inyong madadatnan sa iba't ibang parokya. Natitiyak ko na sila ay naghihintay sa inyo na lubos kayong tatanggapin at mamahalin. Kaya naman walang dapat ipangamba sa paglipat. Wala dapat ikabahala sa paglisan at pagpunta sa bagong parokya.

Sa parokya ay pagpapakasakit, hindi pagpapasarap. Sa parokya ay pagsasagawa, at hindi pamamahinga. Sa parokya ay pagpapakasakit, at hindi pamamasyal. Tayo po ay nasa sa parokya upang may gagawin at upang gumawa. Tulad po ng ating Panginoong Jesus na dumating, nagpunta sa ibat'ibang lugar ay "*hindi para paglilingkuran kundi para maglingkod at ibigay ang kanyang buhay bilang pantubos sa marami*" (Mateo 20,28).

Huwag natin isipin kung saan ako hindi mahihirapan. Huwag asamin kung saan ang mas kilalang parokya. Huwag pangarapin kung saan ba ako higit na makilala, sisikat at may higit na kapangyarihan. Bagkus ang atin isasaalang-alang paano ako higit na makapaglilingkod, higit na magiging makakatulong at paano higit na mababago ko ang aking sarili upang !along maging mabuting pari.

Ang parokya ay ang mga mananampalataya. Tayo bilang pari ay para sa kanila. Mga kapatid kayo po ang parokya. Kayo po ay para sa ating Panginoong Jesus. Hindi po para sa Obispo. At hindi rin para sa mga

pari. Nagsisimba para sa Diyos at dahil sa Diyos. Hindi dahil kay *Father*. Naglilingkod at tumutulong po tayo sa parokya para sa Diyos at dahil sa ating Diyosis ng Balanga. Ang lahat na ating gagawin at lahat na sa atin ay para sa simbahan at lalawigan ng Bataan.

May dalawang taon na ang nakakaraan. Ganito rin buwan, panahon ng Kuwesma na naging laman ng mga pahayagan tungkol sa mga kayamanan raw nakabaon sa mga simbahan sa Samal, Abucay at Balanga. Mayroon mga tumatawag, lumalapit at nagnanais maghukay. Naglabas tayo ng *pastoral statement*. Hindi tayo naniniwala. Hindi tayo maninira ng ating mga simbahan. Higit sa lahat atin ipinahayag na ang kayamanan ng ating simbahan ay hindi nakabaon, hindi nakatago. Ang kayamanan natin sa nakalabas, nasa gitna. At ito ay ang Panginoong Jesus sa Santisinno Sakramento na naroroon sa Tabernakulo. Hindi na dapat hukayin pa bagkus nararapat lamang lapitan, sambahin at tanggapin. Ang kayamanan din ng ating mga Simbahan ay hindi nakabaon, hindi nakatago. Hindi na dapat hanapin pa. Nasa ibabaw. At ito ay --- kayo na dumarating upang makipagdiwang sa mga Sakramento, kayo na ng naglilingkod sa Simbahan, kayo na aming Parokya.

Kayo, mga minamahal namin mga kapatid, ay ang parokya. At ang parokya ay amin kayamanan. Hindi na kailangan pang hanapin. Nariyan na at nararapat lamang puntahan at paglingkuran.

✠Ruperto Cruz Santos, DD
Bishop of Balanga and CBCP Permanent council member